



Opisina ng Ingat-Yaman ng Estado ng California Fiona Ma

Pangkalahatang-ideya

Ang Ingat-Yaman ng Estado ng California ay isang halal na opisyal ng buong estado na may apat na taong termino. Bilang pangunahing tagapamahala ng ari-arian, tagapangasiwa ng bangko, at tagapagpautang ng Estado, pinangangasiwaan ng Ingat-Yaman ang iba't ibang awtoridad, lupon, at komisyon ng estado. Kasama rito ang mga programang idinisenyo upang suportahan ang kagalingang pampinansyal ng mga indibidwal at maliliit na negosyo.

Mga Programa ng Pag-iimpok para sa Indibidwal (SP4I)



CalSavers Program sa Pag-iimpok para sa Pagreretiro

Ang CalSavers ay ang makabago at abot-kayang programang pangpag-iimpok ng California para sa pagreretiro, na nag-aalok ng simpleng solusyon upang matulungan ang mga manggagawa na masiguro ang kanilang pampinansyal na kinabukasan. Tinitiyak nito na ang lahat ng taga-California ay may access sa landas patungo sa pampinansyal na katatagan sa pagreretiro. [Alamin pa o mag-set up ng account.](#)



California Pag-abot sa Mas Mabuting Karanasan sa Buhay (CalABLE)

Nagbibigay ang CalABLE ng mga account sa pag-iimpok at pamumuhunan na iniayon para sa mga indibidwal na may kapansanan. Pinapahintulutan ng mga account na ito ang mga indibidwal na mag-ipon at mamuhunan nang hindi nalalagay sa panganib ang pagiging kwalipikado nila para sa mga pampublikong benepisyo tulad ng Medicaid at Social Security Income. [Alamin pa o mag-set up ng account.](#)



ScholarShare 529 Plan sa Pag-iimpok para sa Kolehiyo

Ang ScholarShare 529 plan, na pinamamahalaan ng ScholarShare Investment Board, ay ang tax-advantaged na programang pangpag-iimpok ng California para sa gastos sa kolehiyo. Pinapahintulutan nito ang mga pamilya na mag-invest sa kinabukasan ng kanilang mga anak at magtayo ng pondo para sa mas mataas na edukasyon. [Alamin pa o mag-set up ng account.](#)



California Kids Program sa Pamumuhunan at Pagpapaunlad ng Pag-iimpok (CalKIDS)

Tinutulungan ng CalKIDS ang mga bata na mag-ipon para sa kolehiyo o pagsasanay pangkarera sa pamamagitan ng awtomatikong pagbibigay sa mga kwalipikadong kalahok ng mga account sa pag-iimpok para sa kolehiyo at mga paunang deposito. Sinusuportahan ng programang ito ang mga batang ipinanganak sa California pagkatapos ng Hulyo 1, 2022, at mga kwalipikadong estudyante ng pampublikong paaralan na mababa ang kita. [Alamin pa.](#)



Pag-asa, Pagkakataon, Pagpursigi at Pagpapalakas (HOPE)

Ang HOPE ay ang baby bond program ng California na idinisenyo upang lumikha ng landas patungo sa pampinansyal na seguridad para sa mga kabataan sa foster care at mga batang nawalan ng magulang o tagapag-alaga dahil sa COVID-19. Ang mga kalahok ay tumatanggap ng mga account sa pamumuhunan na lumalaki sa paglipas ng panahon, na nagbibigay-kapangyarihan sa kanila upang bumuo ng pundasyon para sa kanilang hinaharap na edukasyon, pabahay, o mga negosyong pangkabuhayan. [Alamin pa.](#)



I-access ang mga nada-download na digital toolkit at higit pa sa www.treasurer.ca.gov/SP4I/programs.asp

